# Protektahan ang Sarili Mo Mula sa Panloloko



Ang pagkakaroon ng impormasyon ay ang pinakamahusay mong proteksiyon laban sa panloloko. Makakatulong ang mga payo sa ibaba na protektahan ka laban sa panloloko habang kumukuha ng pangkalusugang pagsasaklaw sa pamamagitan ng Health Insurance Marketplace® sa HealthCare.gov:

## Panatiliing ligtas ang device mo

- Siguruhin na ang computer, telepono, o mobile device mo ay may magandang reputasyon at up-to-date na pangseguridad na software. Ang pangseguridad na software ay makakatulong na protektahan ang computer mo mula sa mga virus. Makakahanap ka ng libreng software na pangseguridad ng computer mula sa mga kompanyang may magandang reputasyon. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa staysafeonline.org/resources.
- Alisin ang mapanirang software (minsan ay tinatawag na “malware”). Kasama ng malware ang mga virus at spyware na nai-install sa iyong computer, telepono, mo mobile device nang walang pahintulot mo. Ang ganitong klase ng software maaaring magdulot ng pag-crash ng device mo at magagamit ito ng mga kriminal para subaybayan at kontrolin ang online mong aktibidad. Gumagamit ang mga kriminal ng malware para magnakaw ng personal na impormasyon, magpadala ng spam at magsagawa ng panloloko. Para matuto pa tungkol sa kung paano matukoy at alisin ang malware, pumunta sa consumer.ftc.gov/articles/0011-malware.
- Gumawa ng matitibay na password:
  - Gumamit ng mahabang, hindi mahuhulaang mga password na halo ang malaki at maliit na mga letra, numero, at mga espesyal na character.
  - Huwag gamitin ang parehong password para sa maraming account, tulad ng iyong Marketplace account at iyong email o mga ibang online account.
  - Gumawa ng mga password na hindi gumagamit ng mga karaniwang salita o personal mong impormasyon, tulad ng iyong pangalan o petsa ng kapanganakan.
  - Huwag ibahagi ang mga password mo kaninoman, at panatiliin ang mga password mo sa ligtas na lugar.
- Magtiwala sa mga instinct mo. Kung kahina-hinala ang isang email, huwag buksan ito (o anumang mga kalakip nito o mga link.)
- Isara ang browser mo at magdiskonekta mula sa internet kapag malayo ka sa iyong computer, para hindi makuha ng mga hacker ang impormasyon mo.
- Para sa higit pang impormasyon, basahin ang mga payo ng Federal Trade Commission sa seguridad ng computer sa staysafeonline.org/resources, o pumunta sa consumer.ftc.gov.

## Panatiliing ligtas ang impormasyon mo sa HealthCare.gov

Napakahalaga sa Marketplace na protektahan ang pagkapribado mo. Para protektahan ang personal mong pagkakakilanlan:

- Hindi kami kumokolekta ng anumang personal na makikilalang impormasyon (PII) mo maliban kung pinili mong ibigay ito sa amin.
- Hindi kami kumokolekta ng impormasyon para sa komersiyal na marketing o anumang layuning hindi kaugnay sa pag-apply para sa at pag-enroll sa pangkalusugang pagsasaklaw.
- Inaatasan ka naming patotohanan ang pagkakakilanlan mo bago lumikha ng Marketplace account at kumumpleto ng aplikasyon. May mga tinatanong kami na tanging kayo lang ang makakasagot, batay sa mga account at personal na impormasyon sa ulat ng kredito niyo. Pinipigilan nito ang mga hindi awtorisadong taong lumikha ng mga account o mag-apply para sa pangkalusugang pagsasaklaw sa pangalan mo nang hindi mo nalalaman.
- Maaaring atasan ka naming magsumite ng dokumentasyon para kumpirmahin ang impormasyon na nilalagay namin sa inyong aplikasyon.

Para sa higit pang impormasyon kung paano namin pinoprotektahan ang pagkapribado mo, basahin ang buong pahayag sa pagkapribado ng Marketplace sa HealthCare.gov/privacy.

Bilang karagdagan sa mga hakbang na aming isinasagawa para protektahan ang pagkapribado mo, narito ang ilang payo na maaari mong sundin para panatiliing ligtas ang impormasyon mo sa HealthCare.gov:

- Pumunta sa tamang website. Kapag na-a-apply para sa pagsasaklaw ng Marketplace, siguruhing pumunta sa HealthCare.gov. Maraming ibang kompanya na maaaring sumubok na linlangin ka at maling magbigay ng impresyon na kaugnay sila ng Marketplace o HealthCare.gov. May mga website din na pareho ang itsura o may katulad na web address at ginagamit ang mga salitang “healthcare” at “Marketplace,” pero hindi opisyal, pinagkakatiwalaang dulugan.
- Siguruhin na kapag pumunta ka sa HealthCare.gov, makikita sa web address ang: https://www.HealthCare.gov at may imahe ng padlock 🔒. Nangangahulugan ito na ligtas ang website.
- Burahin ang mga cookie at cache mo. Para sa higit pang impormasyon kung paano gagawin ito, pumunta sa Healthcare.gov/tips-and-troubleshooting/browsers-and-settings.

## Alamin

- Pumunta sa HealthCare.gov to para matutunan ang basics.
- Maingat na ihambing ang mga opsiyon sa pagsasaklaw bago pumili ng planong pangkalusugan.
- Hanapin ang mga opisyal na seal o logo ng pamahalaan. Kung humihingi ka ng tulong mula sa tagatulong sa Marketplace, hilingin na makakita ng mga sertipikasyon.
- Alamin ang mga petsa ng Bukas na Pagpapa-enroll sa Marketplace. Walang makakapag-enroll sa iyo makalipas ang pagtatapos ng Bukas na Pagpapatala maliban kung mayroon kang pangkuwalipikang kaganapan sa buhay o nararapat sa Panahon ng Espesyal na Pag-enroll. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa HealthCare.gov/coverage-outside-open-enrollment.
- Dapat kang maghinala sa sinumang simisingil sa iyo ng bayad para mag-enroll sa pagsasaklaw. Ang mga tumutulong sa Marketplace, tulad ng Navigators at mga sertipikadong tagapagpayo sa aplikasyon, ay hindi dapat humingi ng pera sa iyo para matulungan kang makapag-enroll sa plano ng Marketplace.
- Tandaan na kung mayroon kang Medicare, labag sa batas na bentahan ka ng tao ng plano sa Marketplace.
- Matutunang protektahan ang sarili mo mula sa mga scam sa buwis. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa HealthCare.gov/how-can-i-protect-myself-from-tax-scams.

## Protektahan ang personal mong impormasyon

- Kung hindi mukhang ligtas ang website, huwag maglagay ng anumang personal na impormasyon. Ilagay lang ang personal mong impormasyon sa mga website na naka-encrypt at ligtas. Ang mga karaniwang tampok na nagpapakita na ang website ay ligtas, tulad ng HealthCare.gov, ay ang simbolo ng padlock 🔒 at isang “https” na web address.
- Walang sinuman ang dapat humingi ng personal mong pangkalusugang impormasyon.
- Panatiliing pribado ang iyong mga numerong personal at ng account. Huwag ibigay ang iyong Social Security Number (SSN) o credit card o impromasyon sa pagbabangko sa mga kompanya na hindi mo jinontak o bilang tugon sa mga advertisement. **Tala:** Kung humingi ka ng tulong mula sa tagatulong sa Marketplace, maaari nilang kailanganin ng ilang personal na impormasyon, tulad ng iyong SSN, para matulungan kang mag-enroll.
- Huwag kailanman ibigay ang personal mong impormasyon para sa taong papunta sa tahanan mo nang wala mong pahintulot, kahit na sinabi nila na sila ay mula sa Marketplace.

## Magtanong at patotohanan ang mga sagot

- May mga sinanay na tagatulong ang Marketplace sa bawat estado para tulungan ka nang libre. Pumunta sa LocalHelp.HealthCare.gov, o tawagan ang Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 para humanap ng lokal na tulong sa lugar niyo. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.
- Magtanong kung ang anumang impormasyon ay hindi malinaw o nakalilito.
- Isulat at magtabi ng tala ng pangalan o mga pangalan ninoman na tumutulong sa iyo, para kanino sila nagtatrabaho, at numero ng telepono nila, address sa kalye, email address, at website.
- Huwag lumagda ng anumang hindi mo ganap na nauunawaan.

## Maaaring makatanggap ka ng tawag mula sa Marketplace

Matapos kang mag-apply, maaari kang makakuha ng tawag sa telepono mula sa Marketplace na pinakukumpirma sa iyo o pinabibigay ng higit pang impormasyon. Pumunta sa **HealthCare.gov/how-can-i-protect-myself-from-fraud-in-the-health-insurance-marketplace** para matuto pa.

## Mag-ulat ng anumang kahina-hinala.

Kung may pinaghihinalaan kang panloloko, iulat ito sa pagtawag sa:

- Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.
- Ang iyong lokal, estado, o pederal na ahensiya sa pagpapatupad ng batas.
- Ang Department of Insurance ng Estado mo.

Kung hinihinala mo ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan, o ramdam mo na binigay mo ang iyong personal na impormasyon sa taong wala kang tiwala:

- Tawagan ang lokal mong departamento ng pulis.
- Tumawag sa ID Theft Hotline ng Federal Trade Commission sa 1-877-438-4338. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-866-653-4261.
- Pumunta sa **ftc.gov/idtheft** to para matuto pa

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Marketplace sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, braille, o audio.
May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka.
Pumunta sa **CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/cmsnondiscriminationnotice**, o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 para sa higit pang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

**Health Insurance Marketplace**
CMS Product No. 11693-T (Tagalog)
November 2022
This product was produced at U.S. taxpayer expense.
Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services.

HealthCare.gov

**Health Insurance Marketplace**

CMS Product No. 11693-T (Tagalog)
November 2022

This product was produced at U.S. taxpayer expense.

Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services.

HealthCare.gov